# Representasyon ng Pagkalalaki sa Pelikulang Bakbakan ni FPJ

Rommel B. Rodriguez

Nakalunan ang pag-aaral na ito sa representasyon ng mga bidang lalaki sa ilang piling pelikula ni Ronald Allan Poe Kelly, o mas kilala sa pangalang Fernando Poe, Jr. (FPJ). Mula sa masinsin na pagbasa sa mga pangunahing bida, nakabuo ng mga bagong kategorya sa representasyon ng mga bidang lalaki sa pelikulang bakbakan. Natukoy ang infantilisado, *trigger-happy* at sadistang bida na patuloy na nilikha sa mga pelikula ni FPJ. Maituturing na bahagi ng kultural na pag-aaral ang pananaliksik kung saan ginamit ang palitan ng mga dayalogo at eksena sa pelikula sa paglikha ng representasyon ng pagkalalaki. Upang bigyang-katuturan ang mga kategoryang nalikha sa panunuri, kinailangang ilapat ito sa mas malawak na konteksto ng usaping panlipunan na nasa anyo ng biswal na kultura. Ginawang batayan ang mga nalikhang kategorya upang basahin ang proyektong "Metro Guwapo" ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) sa panahon ng pamumuno ni Bayani Fernando. Bukod dito, ginamit din ang nalikhang kategorya upang basahin bilang politikal at kultural na teksto ang matrimonya ng estado at militar sa panahon ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa huli, ginamit na batayan ng pagbasa ang nalikhang representasyon ng pagkalalaki sa isang larawan ng dating U.S. Ambassador sa Pilipinas na si Kristie Kenny habang nagbibigay ng panauhing pananalita sa mga taga-Mindanao na pangalagaan ang Lake Lanao.

*Keywords: Representasyon, Fernando Poe Jr., pelikulang bakbakan*

TRANSLATION (Full-text English translation of this paper is available at www.plarideljournal.org)

# Representation of Masculinity in FPJ's Action Films

This study focuses on the representation of male protagonists in several selected films of Ronald Allan Poe Kelly, or more famously known as Fernando Poe Jr. (FPJ). New categories of the representation of male protagonists in action films were arrived at after a thorough reading of the main heroes. The infantilized, trigger-happy, and sadist protagonists that FPJ's films created were identified. This research, which uses dialogue exchanges and movie scenes to create a representation of masculinity, can be regarded as part of cultural studies.

In order to give meaning to the categories created by this study, these need to be projected onto a wider context of social issues that take the form of visual culture. The produced categories became the basis with which to analyze the "Metro Guwapo" project of the Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) during the term of Bayani Fernando. In addition, these categories were also used to analyze the matrimony of the state and the military during the tenure of former President Gloria Macapagal-Arroyo as a political and cultural text. Lastly, the created representation of masculinity was used as the basis with which to analyze a photo of former U.S. Ambassador to the Philippines Kristie Kenny as she was delivering the guest of honor's speech urging Mindanaoans to take care of Lake Lanao.

## Representasyon ng Pagkalalaki sa Pelikulang Bakbakan ni FPJ

Kinikilala si Fernando Poe, Jr. o FPJ bilang hari ng pelikulang Filipino dahil na rin sa malalim niyang hugot sa interes ng mga manonood ng pelikula, partikular ng mga pelikulang bakbakan. Patunay lamang dito ang paglampas ng nilikha niyang representasyon sa pelikula nang sumali siya sa pambansang halalan sa pagiging presidente ng Pilipinas noong 2004. Ibig sabihin, sapat nang batayan na ang isang aktor sa pelikula'y muntikan nang manalo upang makita ang lawak ng kanyang impluwensiya sa mga Filipino. At kung sakali, siya ang naging ikalawang presidenteng bida sa pelikulang bakbakan, sunod kay Joseph Estrada. Karamihan sa kanyang mga pelikulang pinagbidahan ay nagpapakita ng isang karaniwang mamamayan na nagiging biktima ng mga sirkumstanyang panlipunan na sanhi naman upang magkaroon siya ng pagbabago; mula sa isang tila walang bahid ng kasamaan na karakter—pulis na tapat sa tungkulin, amang mapagkalinga, mabait na haligi ng tahanan, at iba pa—tungo sa isang karakter na kakikitaan ng karahasan at paghihiganti; trigger-happy at sadistang bida. Sa pamamagitan nito, mababasa ang mistulang doblekara na imahen ng bidang lalaki na mapapanood sa ilan niyang pelikula; isang mabuti at isang masama, na kung tutuusi'y mabuti pa rin para sa mga manonood sapagkat naibunsod lamang ito ng kanyang pinagdaanang kaapihan.

Kakatwa ang usaping ito. Una, dahil ipinapakita ng kanyang pelikula na mistulang makatarungan ang paghihiganti gamit ang dahas, at ikalawa, na maluwag itong tinatanggap ng mga manonood. Idagdag pa dito ang ilan sa mga usapin hinggil sa kanyang pananaw sa pag-ibig, o kaya'y ang pagiging walang muwang sa mga simpleng bagay tulad ng panliligaw. Subalit sa kabila nito, naroon din ang kanyang pagiging sadista lalo na kung nasa proseso na siya ng paghihiganti sa mga kontrabidang pumatay at gumahasa sa kanyang asawa, dumukot sa kanyang anak, o mga kalaban na yumurak sa kanyang dati-rati'y tahimik at masayang buhay. Ibig sabihin, kahit pa akuin ni FPJ ang katangian ng mga kontrabida, nananatili ang kanyang imahen bilang katanggap-tanggap na karakter sa pelikula. Ang mga usaping ito ang siyang magiging lunan ng pag-aaral: kung sa paanong paraan nalilikha ang representasyon ng pagkalalaki ni FPJ sa ilan niyang mga piling pelikula. Mula rito, iuugnay naman sa mas malawak na konteksto ang mga usaping iniluwal ng panunuri sa kanyang mga pelikula upang makita ang di-tuwirang ugnayan ng paglikha ng aketipo ng pagkalalaki sa usapin halimbawa ng pagsasalalaki ng syudad at ng modernidad sa kontemporaryong panahon.

Ang pagkalalaki, sabihin man na nasa isang pribilehiyadong posisyon, ay marapat pa ring pag-aralan. Hindi upang muling itaguyod ang matagal na ring nabaklas na usapin hinggil sa partiyarkiya at dominasyon, kundi upang maisakonteksto ang matagal ng diskursong pinipilit buwagin dahil itinuturing na sagabal sa mga kilusang kababaihan at paglaya ng mga naisasantabing kasarian sa lipunan. Sa artikulo halimbawa ni Rolando Tolentino (2002) na *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalaki*, pinagtuunan nito ng pansin kung sa papaanong paraan ang agresyon ng mga lalaki sa lipunan ay bunsod mismo ng kinikimkim nilang pagkababae.

Gamit ang ilan sa mga ideya halimbawa ng *constitutional bisexuality* ni Freud at teorisasyon ni Anthony Easthope (1998) hinggil sa phalosentrikong pag-iral ng pagkalalaki bilang dominanteng kasarian sa isang partriyarkal na lipunan, naging ubod ng pag-aaral ang pagtingin sa pagkalalaki bilang isang mito (Tolentino, 2002). Kung tinitingnan ang pagkalalaki bilang isang mito na dumaan sa paglikha, maaari itong buwagin at lumikha ng mga panibagong diskurso at pag-aaral hinggil sa paglalaki. Ginamit sa artikulong ito ni Tolentino ang pelikulang *Dyesebel* (Chionglo, 1990) upang patunayan ang kanyang mga inilatag na ideya.

Idagdag pang halimbawa ang pag-aaral na ginawa rin ni Soledad Reyes (1991) sa artikulong *The Outlaw and the Prostitute: Images of Otherness in Popular Culture* na naglatag ng pagbasa sa mga imaheng isinasantabi ng lipunan subalit makintal na makikita sa iba't ibang anyo ng kulturang popular, tulad halimbawa ng mga komiks at pelikula. Sa kabilang banda, sa larangan naman halimbawa ng panitikan, matapos ang pagsasa-antolohiya ng naratibo ng mga kababaihang manunulat hinggil sa kanilang danas at poetika sa librong *Sarilaysay* ni Rosario Torres-Yu (2004), agad naman itong sinundan ng *Sarilaysay 2* (Torres-Yu & Alwin, 2004) na naglalaman naman ng naratibo ng mga lalaking manunulat. Sa akdang ito mababasa ang kanilang mga testimonyal na pagdalumat hinggil sa kanilang pagiging lalaking manunulat na may sarili rin namang pinagdaanang karanasan at poetika, na kung hindi man naiiba sa mga babaeng manunulat ay matitiyak na maisasakonteksto sa kanilang pagiging lalaki at paggampan ng pagiging lalaki (pagiging anak, asawa, ama at iba pa).

Patunay ang mga binanggit na pag-aaral at mga antolohiya na nagkakaroon na ng paghahawan ng mas makabuluhan na diskurso hinggil sa pagkalalaki, sa usapin man ito ng popular na kultura, panitikan at malikhaing proseso ng mga kontemporaryong manunulat. Gayunman, ang diskurso ng pagkalalaki'y hindi lamang makikita sa mga tinukoy na mga referensiya. Makikita rin ito sa mas malawak na konteksto ng lipunan tulad ng paraan ng pagsasalalaki

ng syudad gamit ang tagline na "Metro Guwapo" noong pamunuan ni Bayani Fernando ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Bukod dito, mababatid din ang agresyon at sadistikong tendensiya ng estado sa pamamagitan naman ng usapin ng pagpapalakas ng ahensiya ng militar sa bansa.

Sa isang artikulo ni Uro dela Cruz (2002), pahapyaw niyang tinalakay ang karaniwang pormula na nilalaman ng mga pelikula ni FPJ. Madalas pinangyayarihan ng kanyang pelikula ang syudad, partikular ang Maynila, Quiapo at Tondo. Nagaganap ang mga eksena sa mga makikitid na lugar ng iskwater at gayundin din sa malalawak na kalye ng syudad. Laging may eksena sa mga abandonadong warehouse o pabrika. Bagaman tahimik, walang kibo at mapagtiis ang bida hanggang sa unti-unti na siyang lumaban kapag nasasangkot na ang pamilya ng aping bida sa gulo. Magkakaroon ng serye ng mga krimen, pang-aabuso, panggagahasa, kidnapping, transaksyon ng iligal na droga, hanggang sa usapin ng gera. Dinagdag ni dela Cruz na ang unang mga karakter na pinagbidahan ni FPJ sa kanyang mga pelikula'y tungkol sa buhay ng mga rebelde at pesante na kakikitaan pa ng pagiging radikal at progresibo. Subalit di naglaon ay tumungo ito sa pagiging pulis o militar.

Simula nang maging karaniwang karakter ni FPJ ang pulis o kaya'y militar, nawalan na ng interes ang ilan sa mga tagasubaybay niya bilang bida, at kabilang na rito si dela Cruz. Subalit hindi maitatanggi na nagpatuloy na pumatok sa takilya ang mga pelikula ni FPJ kahit ang kanyang mga karakter ay tila nag-ibang anyo na sa usapin ng posisyon sa lipunan. Ang dating inaaping magsasaka at palabang rebelde ay naging bahagi na ng ahensiyang panlipunan na may (temporal) na kapangyarihan sapagkat may hawak na siyang baril na pribilehiyong ginagawad ng estado.

Kung tutuusin, marapat ding masipat kung bakit ang dating katauhan ni FPJ na palaban na rebelde, pesante man ito o karaniwang mamamayan, ay naging pulis. Ito'y mahalagang aspekto ng kanyang transpormasyon bilang bida. Ang dating karakter ni FPJ bilang Asedillo sa pelikulang *Asedillo* (Castillo, 1971), na isang gurong rebelde ay naging mahalaga dahil ipinalabas ang pelikula sa panahon ng batas militar. Kahit nagpanibagong-hubog na ang bidang tauhan, nagpapatuloy pa rin ang kanyang pag-iral bilang inaaping karakter sa buong daloy ng pelikula, na sa huli, napagtatagumpayan ang anumang pagsubok na kanyang kinakaharap. Siya ang nananatiling may kontrol sa bawat eksenang kanyang kinapapalooban. Mahusay siyang humawak ng baril, asintado, magaling umilag at nagagalusan lamang kahit tumatalon o sumisirko sa hangin bago sumalpak sa lupa. Sa pagkakataong ito, interesanteng makita rin ang mga katahimikan sa kanyang karakter upang

mas lumawak pa ang pag-aaral sa representasyon ng bidang lalaki sa mga pelikulang bakbakan ni FPJ.

## Infantilisadong Ama

Bihira ang pelikula ni FPJ na hindi nakapaloob sa istruktura ng pamilya bilang bahagi ng lipunan. Mapagmahal ang amang ito at sinisikap na maging maayos ang pamumuhay ng kanyang mag-anak, sa kabila ng maliit na suweldo. Namumuhay siya ng simple. Sapat na ang yakap at halik ng kanyang asawa at paglalambing ng kanyang anak upang maging ideyal ang buhay. Salat man sa mga materyal na pangangailangan, sapat na ang pagmamahal ng kanyang pamilya upang mabuhay ng tahimik at marangal. Madaliang mapapawi ang kanyang pagod kapag humaharap sa kanyang anak na inosente sa uri ng kanyang trabaho na laging nakalagay sa panganib.

Matingkad itong makikita sa pelikulang *Kahit Butas ng Karayum Papasukin Ko* (Milan, 1995). Kuwento ito ni Sarhento Daniel Torres na nadestino mula sa Maynila papuntang Mindanao dahil nakaaway niya ang apo ng isang maimpluwensiyang negosyante. Ibinunsod ang dislokasyon ng kanyang pamilya dahil sa agawan ng kapangyarihan sa pagitan ng estado at ahensiya ng militar. Dinala niya ang kanyang nag-iisang anak na babae pati ang kinalakhan nitong yaya (ang kapatid ng kanyang yumaong asawa) sa Mindanao. Sa kanilang paglipat sa Mindanao, hindi matatakasan ni Sarhento Torres ang mga kontrabida sa kanyang ninanais na tahimik na buhay. Dito niya makakalaban ang mga kapwa militar na ka-kuntsaba naman ng mga lokal na ismagler at drug lord.

Sa pamamagitan ng mahinahon na paraan ng pagsasalita, naipamumukha niyang rasyunal siyang mag-isip na ikinagagalit naman ng mga kontrabidang militar. Gayunman kapag usapin na ng pag-ibig ang nakasalang sa naratibo, hindi niya ito mabigyan ng kalutasan. Malaki ang kinalaman ng kanyang pagiging ama sa inaasahang malawak niyang pang-unawa. Ang kanyang pagiging mabuting ama at padre de pamilya ay nalulusaw at sa halip, siya ang nagiging bata dahil siya ang pinagsasabihan ng kanyang anak. Ama lamang siya sa usapin ng istruktura ng pamilya, subalit kung tutuusin, siya ang pinakabata sa pamilyang kanyang kinabibilangan. Mapapansin dito ang mistulang infantilisasyon sa karakter ni FPJ na bahagi ng representasyon ng pagkalalaki sa pelikulang bakbakan.

Pansinin natin ang ilang sipi sa dayalogo ng mag-ama sa pelikulang ito. Ang unang dayalogo ay eksena matapos mabugbog si Daniel ng mga kapwa sundalong nakaaway niya sa isang bar. Ang anak niya ang makakatuklas na trinaydor siya ng mga ito kahit wala sa eksena ng suntukan ang anak.

Saka na lamang malalaman ni Daniel na kaya siya napuruhan ay dahil sa ginamitan siya ng bakal na inilagay ng isang sundalo sa kanyang kamao para mas maging matigas ito sa panununtok. Narito ang dayalogo ng mag-ama habang ginagamot ng anak ang sugat ni Daniel (Milan, 1995):

Daniel: Ano ba 'yan?
Vanessa: Langis po ng niyog saka dinikdik na luya.
Daniel: Hindi ba para sa pilay 'yan?
Vanessa: Hindi po, para po talaga ito sa pasa.
Daniel: Teka, teka...
Vanessa: Bakit 'tay?
Daniel: Baka lalong mamaga 'yan ha?
Vanessa: 'Tay naman, hindi mamamaga 'yan. Lalo pa 'yang gagaling basta ako ang nag-alaga.
Daniel: Sigurado ka?
Vanessa: Oo.
Daniel: O sige.
Vanessa: Alam mo 'tay, hindi talaga ako naniniwala na basta-basta ka na lang nagkaganyan.
Daniel: O, bakit naman?
Vanessa: Basta alam ko 'tay na hindi ka naman basta-basta napupuruhan. Palagay ko, trinaydor ka. Kasi alam mo 'tay na naniniwala ako, na kahit ilan pa sila, na kahit sampu-sampu pa sila, kayang-kaya mo sila.

Ang ikalawang sipi'y tungkol sa palitan ng dayalogo ng mag-ama kung saan ang nagsilbing bata sa usapin ng pag-ibig ay si Daniel. Sa kanyang anak nagmula ang puna tungkol sa kahinaan ng ama pagdating sa usapin ng muling pag-aasawa. Kailangan ni Daniel ng asawa upang gampanan nito ang emosyonal, pisikal at sekswal na pangangailangan ni Daniel. Ito'y mababasa lamang sa pagitan ng palitan ng dayalogo ng mag-ama. Hindi maaaring matugunan ng anak ni Daniel ang pangangailangan ng kanyang ama. Hindi siya maaaring maging kapalit ng kanyang ina. At upang manumbalik ang kinapon na pagkalalaki ni Daniel, pipilitin niya itong muling mag-asawa. Ito ang tagong motibasyon ng anak na pilitin ang kanyang ama na ligawan ang isang babaeng nakilala nila simula nang lumipat sila ng Mindanao. Narito ang palitan ng mga dayalogo ng mag-ama na paminsan-minsang sinisingitan ni Nanay Tinay, ang kapatid ng namatay na asawa ni Daniel (Milan, 1995):

Vanessa: Itay, kilala n'yo po ba si Aling Lina?

Daniel: Bakit?

Vanessa: Kasi po 'tay kanina kausap ko siya. Alam n'yo po 'tay, marami siyang tinanong tungkol sa inyo.

Daniel: Tungkol sa akin?

Vanessa: Opo.

Daniel: Ano naman ang sinabi mo?

Vanessa: Siyempre marami po. Ang sabi niya sa akin, ang lolo pala niya datu, tapos po ang nanay niya, prinsesa.

Daniel: Si Lina, maaaring prinsesa rin?

Vanessa: Yun nga po ang tinanong ko, pero ang sabi niya, hindi raw. Ang nanay niya nag-**a**sawa ng taga-Maynila. Tapos siya pala nag-aral sa Amerika. Tapos yung nanay at tatay niya dun na nanirahan.

Nanay Tinay: Tingnan mo iyang anak mo, isang araw pa lang sa eskuwela, ayan ang dami na niyang alam.

Vanessa: E kasi po itay, kanina ang tagal ng prinsipal. At ang sabi niya sa akin, kapag wala daw po akong pasok, samahan ko daw siya sa center. Samahan n'yo po ako ha.

Daniel: Sinabi niya 'yun?

Vanessa: Opo.

Daniel: Baka mangulit ka lang dun ha.

Vanessa: Hindi naman po 'tay. Ah, tay, di ba maganda si Aling Lina?

Daniel: Maganda na rin, pwede na rin.

Nanay Tinay: Anong pwede na rin Daniel? Aba nakita ko yata sa palengke, ang ganda-ganda.

Vanessa: Mabait pa 'no? Alam mo 'tay, palagay ko, okey rin na may makilala kang ibang babae. Alam mo mahal ko si nanay, pero palagay ko dapat, lumigaya ka.

Daniel: Vanessa, sa ngayon, sa mga oras ngayon, wala akong panahon sa mga bagay na 'yan.

Nanay Tinay: Hoy, anong walang oras? Daniel, magpipitong taon na...

Vanessa: Si tatay pa-simple pa.

Daniel: Anong pa-simple?

Vanessa: Talaga naman e.

Daniel: Nahawa ka na sa nanay Tinay mo.

Vanessa: Sige na 'tay, aminin mo na, hindi ko sasabihin kay nanay Tinay.

Ang pagiging ama ni Daniel ay hindi natitigil sa kanyang pagiging ama lamang sa kanyang anak na babae. Kailangan niya ang ekstensyon ng kanyang pagkalalaki. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng kanyang pagiging ama sa mga maaabutang sundalo sa Mindanao. Sa una'y makakalaban niya ang mga ito dahil sa tiwali nilang pag-uugali. Idagdag pa ang di kanais-nais na katangian—mahaba ang kanilang buhok, madumi ang itsura, mga siga at brusko—bukod pa sa pagkakaroon ng bisyo ng paglalasing at pambababae.

Ang kawalan ng anak na lalaki ni Daniel upang maging buo ang imahen ng kanyang pagiging ama, para rin maisakatuparan ang kanyang pagiging modelo, ay matutugunan ng mga sundalong papailalim sa kanyang inpluwensiya at pamamahala. Si Daniel ang magdi-disiplina sa kanila. Hindi nagtagal, napatunayan ni Daniel ang kanyang pagiging disciplinarian at marangal na sundalo, at unti-unting magbabago ang ugali ng mga sundalong dati-rati'y inaabuso ang kapangyarihan at posisyon. Ang dating kinatatakutang mga militar na laging may bitbit na armas ay unti-unting mamahalin at hahangaan ng mga sibilyan sa komunidad. Naging paraan ng pagdi-disiplina ni Daniel sa kanyang mga sundalo ang dahas. Sapagkat hindi naman niya makakausap sa lebel ng pagiging ama ng mga sundalong kanyang nasasakupan, maisasagawa ito ng kanilang pagsunod at mistulang pagnanasang gayahin si Daniel bilang huwarang sundalo: mabait, naniniwala sa hustisya at nilalabanan ang katiwalian ng mga lokal na opisyal ng komunidad at militar.

Sa eksenang makakabangga niya ang mga sundalong hindi niya sakop, maaaring ituring na sila ang mga anak na sumuway sa kanyang mga nasang gayahin ang kanyang pagkalalaki. Ang pagkalalaki ni Daniel ay hindi lamang umiikot sa husay niyang magdisiplina. Ang mas malalim ng katangian ng pagkalalaki niya'y nakapaloob sa aspekto ng rasyunal mag-isip at mistulang pilosopikal kung magsalita. Pansinin ang dayalogo sa pagitan nina Daniel at Jamin, isang lider-Muslim sa pelikula (Milan, 1995):

> Daniel: May mga taong nananatiling buhay, dahil labag sa batas na patayin sila. At maging ang kriminal ay may karapatan sa isang paglilitis.
>
> Jamin: Naiisip ko lang, hindi ba galit ang pumapatay sa liwanag ng ating pag-iisip?
>
> Daniel: Maraming pagkukulang ang batas. Ang diwa ng batas ang bumubuhay sa hustisya.
>
> Jamin: Hindi lahat ng taong nakikipaglaban ay pawang magigiting at dapat hangaan. Dapat munang pag-aralan bago palakpakan. Kung tama o mali ang paninindigan.

Daniel: Hindi tayo ang nagmamay-ari ng kinabukasan, kundi ang ating mga anak.

Jamin: Hanggang anong sakripisyo ang kaya mong daanan upang maabot ang sakripisyong sinasabi mo?

Daniel: Kahit butas ng karayum, papasukin ko.

Jamin: Hindi madali ang sinasabi mo.

Daniel: Alam ko. Kaya dapat matuto tayong mabuhay bilang magkakabati o sama-sama tayong mamatay na parang mga hangal.

## Vigilanteng Trigger-Happy

May mga pelikulang bakbakan na hinahango sa tunay ng buhay. Sa ganitong uri ng pelikula, ang buhay ng isang kilalang tao ang pinaghuhugutan ng kuwento, mabuti man ito o itinuturing na masama ng lipunan. Sa mga pagkakataong purong piksyon ang pinanghuhugutan ng naratibo, ang mga karakter na pinagbibidahan ni FPJ ay nagmimistulang mga vigilante na nagre-resolba ng mga kaso na marapat sanang hawakan ng kapulisan. Sa ganitong mga pelikula ni FPJ, nagsisimula siya bilang isang karaniwang mamamayan na ilalagay ang hustisya sa sariling niyang pagpapasya at pagpapataw ng parusa. Magiging ugali niya ang pagtanggol sa mga inaapi, gayundin siya ang gumagawa ng paghihiganti kapag hindi ito kayang gawin ng mga biktima.

Ang pelikulang *Aguila ng Maynila* (Reyes, 1989) ay tungkol kay Mauro Reyes, isang pulis na na-frame-up kaya't natanggal sa trabaho. Habang naglalakad na mag-isa sa isang eskinita ng Maynila, mapagti-tripan siya ng grupo ng mga maton. Dahil lango sa alak at kalungkutan, madali nilang napatumba si Mauro. Iiwan siya sa bangketa na walang-malay at bugbog-sarado. Isang grupo ng mga batang nangongolekta ng basura ang lumapit sa kanya. Isinakay siya ng mga ito sa kariton na parang napulot na sanggol. Kinaumagahan, narinig niya ang usapan ng lolong bulag at ng batang nag-uwi kay Mauro. Magtatanong ang bata kung bakit marami siyang masasamang pangyayaring nasasaksihan sa Maynila tulad ng nakawan, patayan, ang paggamit at pagbenta ng mga iligal na droga. Isasagot ng matandang bulag sa apo na darating din ang araw na may isang tagasagip sa tutugon sa mga suliranin ng mga mahihirap at inaapi. Ang mala-propetang tugon nito ng lolo'y magiging sanhi ng pagpapanibagong-hubog ni Mauro tungo sa isang di-kilalang tagasagip ng mga inaapi sa Maynila.

Sa gitna ng pagiging bulag ng lolo, magkakatotoo ang kanyang prediksyon sa magiging takbo ng naratibo ng pelikula. Sa pagkarinig ng usapang ito

ng maglolo, naisip ni Mauro na baka siya ang pinariringgan ng matandang bulag. Siya ang magiging aguila ng Maynila na tutulong sa mga inaapi. Dahil sa nabuong nosyon ng pagiging tagapagligtas, magsisimula siyang labanan ang iba't ibang krimen sa syudad. Sa halip na maging testigo sa nasaksihang pamamaslang, siya'y naghihiganti para sa pamilya ng biktima. Pinatay niya ang mga tauhan ng isang gambling lord na pumatay sa kanyang kakilala. Bukod dito, papatayin rin niya ang isang siga sa looban, isang rapist, pati ang mga may dahilan kung bakit namatay ang kanyang asawa't anak. Gagantihan niya ang mga taong may dahilan kung bakit siya natanggal sa serbisyong pulisya. Kung dati-rati'y tauhan ng batas si Mauro, sa pagiging vigilante, siya na ngayon ang kabuuan ng batas. At sa batas na ito, walang panahon ang korte, o anupamang imbestigayon at paglalatag ng ebidensiya. Lahat ng kanyang inaakalang pagkakamali ng tao'y nagtatapos sa kalabit ng gatilyo at putok ng baril.

Tinitingnan ang karakter ni Mauro bilang tagapagligtas sa pelikulang ito, subalit hindi maitatanggi na ang sinisiwalat niyang galit at agresyon, sa anyo ng paghihiganti'y isang sadistikong ekspresyon ng represyon. Itatago ito sa kanyang transpormasyon mula pulis tungong isang vigilante ng syudad. Ang represyong ito'y likha ng kawalang-esensya ng kanyang pagiging ama dahil sa kamatayan ng kanyang asawa't anak. Ang pagkawala ng kanyang pamilya'y pagkawala na rin ng identidad bilang lalaki, bilang ama. Wala na ang kanyang silbi sa pagiging asawa. Wala na siyang makakatalik, kung kaya't wala ng silbi ang kanyang ari. Kung kaya't ang bawat kalabit ng gatilyo ng baril ng karakter ay mistulang sunod-sunod na orgasmo sapagkat ang kawalan ng pisikal, seksuwal at emosyunal na silbi ay nailalabas niya sa agresibong pamamaraan. Ito ang kanyang paraan sa paglabas ng kanyang mga tensyon, pagkukulang at paghahanap sa katuturan ng pag-iral. Ang baril ang magmimistula niyang ari na lagi't laging magpapaalala sa kanya na siya'y lalaki at may silbi sa lipunan.

Ang pagkakaroon ng mga vigilante sa Maynila ay indikasyon sa sinisimulan noon ni Mayor Lim na "buhayin" ang Maynila. Bahagi ito ng proyektong magpapakilala sa Maynila bilang magandang syudad ng komersyo at turismo na kung tutuusi'y isang anyo ng *internal cleansing* ng syudad. Kilala bilang *Dirty Harry* ng Maynila si Mayor Alfredo Lim. Ang kanyang pagiging vigilante may basbas ng estado at ginawang lehitimo ang dahas laban sa mga itinuturing na latak at kriminal ng syudad. Ang mga itinuturing na latak at basura ng lipunan ang karaniwang biktima ng mga di kilalang grupo/vigilante. Ang inaakalang pagpaslang sa mga sinasabing ugat ng problema sa droga at mga krimen sa Maynila ay siyang magiging kalutasan upang matapos ang iligal na bentahan ng droga. Gayunman, matagal na itong napatunayang


hindi epektibo. Kung ang pagiging mala-vigilanteng kilos at gawi ni Mayor Alfredo Lim noon ay suportado ng estado, ang pagiging vigilante ng mga karakter ni FPJ ay may basbas ng mga inaapi.

Hindi laging purong kathang-isip ang pagiging vigilante sa mga pelikula ni FPJ. Ang kanyang pagiging bida sa pelikula'y may mga pagkakataong ibinabatay sa mga pangyayari sa totoong buhay ng mga nakilalang indibidwal. Isang halimbawa na rito ang pelikulang *Epimaco Velasco: NBI* (Vinarao, 1994) na ginampanan ni FPJ. Pinagsanib sa pelikulang ito ang pagiging vigilante at alagad ng batas. Dito, tuwirang mapapanood ang kaharasang suportado ng estado. Nasa naratibo ng pelikula ang pag-unlad ng buhay ni Velasco; mula sa pagiging janitor hanggang sa pagiging abugado at pagpasok sa NBI bilang ahente. Mula sa paglilinis ng mga pasilyo, napunta ito sa paglilinis ng lipunan sa pamamagitan ng dahas. Halimbawa, isang grupo ng mga kabataan noon na anak ng mga mayayaman na tao ang sangkot sa iba't ibang krimen. Sa pagsubaybay ni Epi, nalutas niya ang kaso at nahuli at napatay ang ilan sa mga miyembro nito sa isang engkwentro. Papasok naman sa eksena ng pelikula ang isang pangyayari sa plantasyon ng marijuana kung saan dalawang ahente ng NBI ang napatay. Muli, si Epi ang makaka-resolba ng kasong ito. Gamit ang shotgun, isa-isang mapapatay ni Epi ang kanyang mga kalaban.

## Sadistang Bida

Bukod sa paggamit ng baril at galing sa suntukan, may iba pang paraan ang mga karakter ni FPJ kung papaano siya maghiganti. May mga pagkakataon na hindi na niya pinagsasalita ang mga kontrabida. Karahasan ang tanging daan sa lahat ng mga suliranin at problemang laging kinaharap ng mga bida sa kanyang pelikula. Dito, ang mga batas ng estado'y tinatapatan ng sariling batas. Mahirap man makuha ang hustisya sa kanyang mga pelikula, nakakamit ito sa pamamagitan ng indibidwal na pagkilos, gamit ang baril at dahas.

Muli, sa pelikulang *Aguila ng Maynila* (Gomez, 1989) mapapanood ang isang eksena kung saan nakatali ang kontrabida (si Paquito Diaz) sa harap ng owner-type jeep. Mangilang-ulit na halos i-bangga ni Mauro ang sasakyan habang nagmumura't nagmamakaawa ang kontrabida. Histerikal ang kontrabida dahil batid niyang nalalapit na ang kanyang kamatayan. Gustong malaman ni Mauro kung sino ang may kagagawan ng pagkamatay ng kanyang mag-ina. Sasabihin ng kontrabida ang pangalan nang nagplano nito subalit itutuloy ni Mauro ang pagbunggo ng jeep sa pader. May katumbas na ganitong eksena ang pelikulang *Sanctuario* (Meyer, 1974).




**Larawan 1.** Larawan ng dalawang pelikula ni FPJ (*Ang Dalubahsa* at *Batas ng Lansangan)* na tumutugon sa dahas at agresyon bilang bahagi ng representasyon ng bida sa kanyang mga pelikula. (Rodriguez, 2011a)

Si Selmo ang pinagbintangang pumatay sa isang hasyendero kung kaya't inakala ng mga taga-baryo na isa siyang mamamatay-tao. Magiging sanktuwaryo ni Selmo ang simbahan at doon siya pansamantalang nagtago habang nagpa-plano ng paraan kung paano lilinisin ang pangalan sa krimen na hindi niya ginawa. Magpapatuloy ang bawat eksena sa pelikula hanggang sa mahuli niya ang dalawang kontrabida. Iniwan niyang nakatali ang mga ito sa gitna ng plasa. Patutunugin ni Selmo ang kampana ng simbahan at magsisidating ang mga tao. Papaligiran nila ang dalawang lalaking nakatali sa gitna ng plasa. Gusto ni Selmo na mangumpisal ang dalawang lalaki sa harap ng mga tao. Padadaplisan niya ng bala ang dalawang lalaki habang patuloy ang mga ito sa pagmamakaawa. Nang nasa akto na ang dalawa sa pagsiwalat ng katotohanan, agad silang babarilin ng kanilang pinuno. Magsisimulang magbarilan. Sa huli'y magwawagi si Selmo. Patatawarin siya ng mga tao at muling tatanggapin sa komunidad.

Ang inhustiya sa komunidad ang nagbigay-daan kina Mauro at Selmo upang pakawalan ang kanilang sadistikong tendensiya. Mula sa pagiging isang tahimik na mamamayan, ang mga suliraning nakaharap nila sa pagdaloy ng naratibo sa pelikula ang magiging sanhi upang ang tagong dahas at galit ng bidang tauhan ay masaksihan ng mga tagapanood. Subalit ang kakatwa dito'y kahit anong dahas at silakbo ng galit pa ang ipakita ng bidang tauhan sa bawat pelikula'y madali itong natatanggap ng mga tagapanood. Kahit ang mga kakaiba at sadistikong tendensiya ng mga bidang karakter ay tinatanggap na pangkaraniwan lamang na mistulang lumilikha ng pamilyarisasyon sa agresyon at dahas. Nawawalan ng bisa ang dahas bilang akto ng agresyon at tortyur sa mga kontrabida.

## Representasyon ng Pagkalalaki sa Konteksto ng Syudad at Modernidad

Ang agresyon at dahas ng pagkalalaki sa mga pelikula ni FPJ bilang representasyon ng bidang lalaki'y maaaring magamit sa diskurso ng syudad at modernidad. Ganito ang naging proseso ng pagsasalalaki ng syudad sa pamumuno noon ni Bayani Fernando bilang Chairman ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Hindi na kaila, halimbawa, ang marahas na pagtapon ng gas sa paninda ng mga vendors sa Maynila upang hindi na ito mapakinabangan. Dagdag pa rito, dati'y ninais niyang bigyan ng mga itak ang mga tauhan ng MMDA bilang sandata at panakot sa mga sumusuway sa batas trapiko. Ang disiplina at respeto sa batas ng kalsada ay naipapatupad dahil sa takot at lantarang pandarahas. Ang mga bayolenteng tendensiya ng estado'y naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga ganitong tuntunin at regulasyon. Isa itong maskuladong asersiyon ng batas ng lansangan, bukod pa sa direktang pagsasalalaki ng syudad sa pamamagitan ng tagline na "Metro Guwapo."

Matutukoy ang pagsasalalaki ng syudad sa pamamagitan ng mga patakaran ng MMDA bilang pangunahing ahensiya na sinasabing responsable sa pagkakaroon ng isang syudad na marapat tirahan. Sa kasalukuyan, ang MMDA ang nasusunod sa lansangan at may kapangyarihang magpataw ng parusa sa sinumang sumusuway sa mga batas na kanilang ipinapatupad. Hindi ba't ang syudad ay mistulang isang malaking bilangguan na pinuputakti ng mga regulasyon at mga pagbabawal? Idagdag pa ang mga istrukturang arkitektural na kung tutuusi'y isang aparato ng kontrol sa mobilidad ng katawan ng tao.




**Larawan 2.** Paalala sa mga pedestrian ng MMDA sa pamamagitan ng direktang pananakot. (Rodriguez, 2011b)

Ang pagkalalaking iniangkop ng karakter ni FPJ bilang direktor ng NBI ay isang magandang halimbawa kung saan ang dominasyon ay naisasagawa sa pamamagitan ng paggagawad ng posisyon at kapangyarihan sa estado. Ang mga pandarahas na mapapanood sa kanyang mga pelikula'y nagmimistulang pangkaraniwan na lamang sa halip na dumaan ito sa prosesong marapat pangalagaan ng mga tagapagtaguyod ng hustisya at batas. Subalit dito, ang karahasa'y nagiging epektibong paraan upang ang mga itinuturing na mga salot at latak ng lipuna'y unti-unting mawala at malipol. Pansinin ang larawan ni Pres. Gloria Arroyo, halimbawa at ang pakikipag-kamay niya kay AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes Esperon nang bumalik siya sa Pilipinas mula sa New York, USA.




**Larawan 3.** Container van ng MMDA na may tagline na Metro Gwapo. (Rodriguez, 2011c)

Sa pamamagitan ng larawan, makikita ang kapangyarihang ibinibigay ng presidente sa kanyang ahensiya ng militar. Habang ang ina ng bayan ay wala, ang pinakamatatag at makapangyarihang opisyal nito ang kanyang itatalaga upang matiyak na hindi maaagaw ang kanyang kapangyarihan habang siya ay wala. Kahit sabihin na sa isang babaeng presidente nagmumula ang kapangyarihan, ang kanyang pyudal na relasyon sa pinuno ng militar ay nakapaloob sa isang makalalaking konteksto. Sa ganitong punto, ang usapin ng kapangyarihan ay may seksuwal na batayan, hindi sa larangan ng katawan, kundi ang simbolikal at ideolohikal nitong pag-iral. Simbolikal, sapagkat maaaring tingnan ang kapangyarihan ng estado at ng ahensiya ng militar na nasa lebel ng parehong nakikinabang sa kapangyarihan.




**Larawan 4.** Larawan ng dating Pangulo Gloria Arroyo nang bumalik sa Pilipinas mula sa ibang bansa. ("She's back," 2007)

Ideolohikal, sapagkat ang nasa (desire) na manatili sa kapangyariha'y naisasakatuparan sa matrimonya ng pamahalaan at militar. Sa larawan makikita ang hibla ng representasyon ng pagkalalaki sa mga pelikula ni FPJ. Narito ang dahas (estado) at tagapagpatupad ng dahas (militar).

Mariin din na makikita ang seksuwalisadong katangian ng ating ekonomiya bunsod ng modernisasyon. Kung dati'y lakas-paggawa ang inilalako ng ating estado sa iba't ibang bansa, ngayo'y unti-unti nang nanghihikayat ng mga dayuhang mangangalakal na mamuhunan sa Pilipinas sa ngalan ng eko-turismo. Makikita ang halimbawa nito sa mga dramatikong eksenang kinatatampukan ng dating U.S. Ambassador sa Pilipinas na si Kristie Kenny sa panawagang sagipin ang lawa ng Lanao. Pansinin ang larawan:




**Larawan 5.** Larawan ni Kristie Kenny habang nagsasalita sa harap ng mga taga-Lanao na sagipin ang Lake Lanao. (Maranaos Unite to Save Lake Lanao, n.d.)

Sa larawang ito, agad mapapansin ang tila isang mapagkandiling dayuhang ina na nananawagan sa mga taga-Mindanao na panatilihin ang kagandahan ng kanilang lugar. Ang larawan sa kanyang likod (bahay kubo sa palayan) ay makintal na nagpapakita ng isang atrasadong ekonomiya ng Pilipinas, subalit nagsisiwalat din naman ng isang rehiyong mayaman sa agrikultura at hilaw na materyales. Bukod sa malawak nitong mga lupain, sari-saring hilaw na mga sangkap at materyales ang maaaring pagkunan ng mga dayuhang kapitalista tulad ng troso at mineral. Kung isang babaeng ambassador ay mistulang payapa at ligtas na nakakapagsalita at nakalilibot sa Mindanao na itinuturing na kuta ng mga rebelde at terorista, ano pa kaya ang mararamdaman ng mga dayuhang mangangalakal o mga kapitalistang nagbabalak mamuhunan sa Mindanao?

Subalit higit pa rito, matutukoy sa mistulang payapa at mahinahong larawang ito ang nakatagong dahas at agresyon ng bansang Amerika sa Pilipinas. Naghuhumiyaw sa larawan ang mga itinatagong katotohanan at agenda ng pagpunta ng representante ng bansang Amerika sa Mindanao. Patuloy ang pagdagsa ng tropa ng mga militar sa Mindanao upang malinis ito sa inaakalang hadlang sa kapayapaang pinapangarap sa Mindanao. Sa kasalukuyan, mayroon ng base militar ng mga Amerikano sa Zamboanga Peninsula. Mangilang ulit na rin nagsagawa ng mga Joint Military Exercises sa Mindanao sa pamamagitan ng kasunduang Visiting Forces Agreement.

## Lagom

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa representasyon ng pagkalalaki sa piling pelikulang bakbakan ni FPJ, natukoy ang mga tago nitong katahimikan. Nailatag ang mga nalikhang kategorya na maaari ring makita sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Maaaring maging lunan ang mga kategoryang nalikha upang basahin ang mga kultural na texto, partikular ang biswal na kultura, lampas sa mga karaniwan nitong nosyon at mababaw na paglalarawan ng mga imahen.

Sa ganitong pagtatantya, mas nagiging makabuluhan ang panunuri sa pelikulang bakbakan at ang isinisiwalat nitong mga representasyon sapagkat nagagamit ito lampas sa midyum ng pelikula o kulturang popular. Nagiging panimbang ang nalikhang mga kategorya ng representasyon upang matukoy ang mga tagong relasyong pangkapangyarihan sa lipunan.

Kung tutuusin, ang nalikhang mga representasyon ay matagal na rin namang nakaugat sa di-kamalayan ng mga manonood. Manapa'y tila nagiging ahensiya ang dominante at komersyalisadong mga pelikula ni FPJ upang tanggapin ang agresyon at dahas ng estado ng mamamayan. Sa kabilang banda, naging daan din ang paglapat sa mga nalikhang kategorya sa mas malawak na kontekstong panlipunan upang higit na maunawaan ang isinisiwalat na agresyon at dahas ng mga nasa kapangyarihan.

## Mga Pinagsanggunian


Burgham, D. (1994). *Men with no names. Acting male masculinities in the films of James Stewart, Jack Nicholson and Clint Eastwood*. New Jersey: Rutgers University Press.

Castillo, C. (Director). (1971). *Asedillo* [Motion Picture]. Manila: FPJ Films.

Chionglo, M. (Director). (1990). *Dyesebel* [Motion Picture]. Manila: Regal Films.

Connell, R.W. (1994). Psychoanalysis on Masculinity. In Brodd, H. & Michael K. (Eds.), *Theorizing masculinities: Research on men and masculinities*. Thousand Oaks, California:Sage Publications.

dela Cruz, U. (2002). The myth of Ang Panday. *Online Journal of Philippine Center for Investigative Journalism [Online serial]. Available: Vol.8, No. IV*. Retrieved October 10, 2010 from http://www.pcij.org/imag/publiceye/panday.html

Easthope, A. (1990). *The mysterious phallus, what a man's gotta do: The masculine myth in pop culture*. Boston: Unwin Hayman.

Hornedo, F. (2002). The persona in Philippine folk literature. In Soledad Reyes (Ed.), *Reading popular culture* (pp.67-80). Quezon City: ORP ADMU.

Maranaos Unite to Save Lake Lanao (n.d.). Retrieved from http://ecogovproject.denr.gov.ph/docs/Story_Maranaos_unite_to_save_Lake_Lanao.htm

Meyer, R. (Director). (1974). *Sanctuario* [Motion Picture]. Manila: FPJ Films.

Milan, W. (Director). (1995). *Kahit butas ng karayum papasukin ko* [Motion Picture]. Manila: Libran Films.

Reyes, M. (Director). (1989). *Aguila ng Maynila* [Motion Picture]. Manila: FPJ Films.

Reyes, S. (1991). The outlaw and the prostitute: Images of otherness in popular culture. In Soledad Reyes (Ed.) *The romance mode in Philippine popular literature and other essays* (pp. 287-298). Manila:DLSU Press.

Rodriguez, R. (2011a). Ang dalubhasa at batas ng lansangan. VHS Cover. Unpublished photograph, University of the Philippines, Main Library.

Rodriguez, R. (2011b). Bawal tumawid. MMDA Signage. Unpublished photograph.

Rodriguez, R. (2011c). Metro guwapo. MMDA Signage. Unpublished photograph.

Seidler, V. (1994). *Unreasonable men: masculinity and social theory*. London: Routledge.

"She's back." (2007, October 1). *Philippine Daily Inquirer* (p.1).

Spicer, A. (2002). Gender in film noir. Film noir. harlow, England: Longman.

Tolentino, R. (2002). *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalaki*. Maynila: Anvil Publications.

Torres-Yu, R. (Ed.). (2000). *Sarilaysay: Tinig ng 20 babae sa sariling danas bilang manunulat.* Auezon City: Anvil Publishing

Torres-Yu, R. & Alwin, A. (Eds). (2004). *Sarilaysay 2: Danas at dalumhati ng lalaking manunulat sa Filipino*. Quezon City: U.P. Press.

Vinarao, E. (Director). (1994). *Epimaco Velasco:NBI* [Motion Picture]. Manila: FLT Films.


## Filmography

### Asedillo

1971

FPJ Films

**Direction and Screenplay:** Celso Ad Castillo

**Cast:**
Fernando Poe Jr.
Paquito Diaz,
Barbara Perez

## Sanctuario

1974
FPJ Films
**Director:** Rufy Meyer
**Screenplay:** Fred Navarro
**Cast:**
Marilou Destreza
Paquito Diaz

## Aguila ng Maynila

1989
FPJ Films
**Direction and Screenplay:** Pablo S. Gomez
**Cast:**
Fernando Poe Jr.
Paquito Diaz
Vic Vargas
Charlie Davao

## Epimaco Velasco: NBI

1994
FLT Films
**Director:** Edgardo Vinarao
**Screenplay:** Jose Carreon
**Cast:**
Fernando Poe Jr.
Charlene Gonzales
Jackie Aquino

## Kahit Butas ng Karayum Papasukin Ko

1995
Libran Films
**Director:** Willie Milan
**Screenplay:** Mario Palao
**Cast:**
Fernando Poe Jr.
Sunshine Dizon
Caridad Sanchez

**ROMMEL RODRIGUEZ** is currently teaching Philippine Literature and Creative Writing in Filipino at the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines, (UP) Diliman. He obtained his doctorate in Filipino in UP Diliman last April 2011 (corresponding author: rommelrdrgz@gmail.com).